

Ladies Prayer International Newsletter



United Pentecostal Church

Intl

Marso 2021



Bisitahin ang [Ladies Prayer International on Facebook](#) at i-"like" ang aming page!

Nababago ng Panalangin ang Puso

Ni Amy Stoops



"Kahit anong mangyari, Panginoon!" ang dasal ng aking matapang na biyenan sa loob ng dalawampung taon habang ang kanyang panganay na anak ay lumabas sa kaligtasan. Sobra siyang nagtiwala, nagdasal, at lumaban. Ngayon, ang 'batang lalaki' niya ay isa ng Sunday School superintendent, kasama sa ipraise team, at nagpapagamit sa Diyos para sa Kanyang kapurihan. Naniniwala ako na naligtas siya dahil nagtiwala ang inang ito sa kung saan man siya dinala ng dasal na "kahit anong mangyari, Panginoon." Pinanalangin niya siya pauwi. Mabuti nalang natuto ako dito. Ngayon, meron din akong anak na nangangailangan ng isang ina na may sapat na tiwala upang magdasal na "Kahit anong mangyari, Panginoon." Binigyan ako ng Panginoon ng isang talata na naging pangako na pinanghahawakan ko. "At may pagasa sa iyong huling wakas, sabi ng Panginoon; at ang iyong mga anak ay magsisiparoon uli sa kanilang sariling hangganan" (Jeremiah 31:17). Uuwi ang aking anak. Ang taimtim at mabisa na panalangin ang magbabalik sa kanya.

Nakalagay sa aking lamesa sa trabaho ang Ezekiel 36:26-27. Nandoon iyon upang hindi ko nakakalimutan na ipagdasal ang aking mga anak araw-araw. "Bibigyan ko rin naman kayo ng bagong puso, at lalagyan ko ang loob ninyo ng bagong diwa; at aking aalisin ang batong puso sa inyong katawan, at aking bibigyan kayo ng pusong laman. At aking ilalagay ang aking Espiritu sa loob ninyo, at palalakaran ko kayo ng ayon sa aking mga palatuntunan, at inyong iingat ang aking mga kahatulan, at isasagawa."

Kung may dilim, magdasal ka. Kung may takot, magdasal ka. Magdasal kahit parang wala naman ng kuwenta. Magdasal ka kung nawawalan ka na ng pag-asa; at magdasal ka na kung ang tataas ang pag-asa. Nanay ng biyolohikal anak, nanay ng ampon, nanay sa ispiritual, makapangyarihan ang iyong dasal! Naiilawan nito ang daan pauwi sa 'bahay'.

Note: Si Amy Stoops ay akitbo sa kaharian ng Diyos. Bukod sa pagiging asawa ng isang ministro at ina, siya ang punong-guto sa of Dirigere Christian Academy (K-12), at sekretarya ng Maine District Ladies.

Ang Paglalakbay ng Panalangin

Ni Crystal Wallace



Gusto kong maglakbay! Gusto kong maglakbay upang makita ang aking mga kaibigan at pamilya, kaya naglalakbay ako sa mga pamilyar na lugar, ngunit gusto ko ding maglakbay sa mga bagong lugar at tanawin. Isa sa benepisyo ng isang misyonaryo ay nakakapaglakbay kami. Sa mga nakalipas na taon, nabisita naming ang talumpo't-isang estadus at dawalang probinsya habang nasa deputasyon. Pinagpala din kaming makarating sa siyam na bansa sa Europa.

Kasama ko ang pamilya at mga kaibigan ko sa ilang paglakbay, at maraming magandang alaala ang naging result anito. Gayunpaman, maraming beses din na kailangan kong gawin ito ng solo...nag-iisa...walang kasam. Lyon ay hindi masyadong kaaya-aya; gayunpaman laging may mgandang bagay ang naidudulot ang bawat paglalakbay.

Ang larawan namin ng aking ama na nakaluhod sa tabi ng isang sopa at nagdarasal ang isa sa paborito kong larawan mula sa aking pagkabata Nasa tatlo o apat na taong gulang ako noon. Pinapaalala ng larawan na ito sa akin kung gaano ako kapalad na nagsimula ang aking paglalakbay sa panalanginsa murang edad.

Sa buong buhay ko, ang partikular na paglalakbay na ito ay naging isang proseso, at isang edukasyon. May mga oras na mahirap ang daan, naliligaw, nagkakamali at nasisira ang sinasakyan ng paglalakbay na ito. Minsan, may parang bagyo ay umaantala ng paglalakbay. May mga panahon naman na perpekto ang panahon, malinis ang mga kalsada at walang trapiko kaya matiwasay ang aking paglalakbay.

Mapalad ako kasi madalas kasama ko ang aking pamilya at mga kaibigan sa paglalakbay. Ngunit may mga panahon din na wala akong magawa kundi magbiyahe mag-isa. Ganun din si Hesus:

" At pagkatapos na mapayaon niya ang mga karamihan, ay umahon siyang bukod sa bundok upang manalangin: at nang gumabi na, ay siya'y nagiisa doon." (Mateo 14:23).

" At nagbangon siya nang madaling-araw, na malalim pa ang gabi, at lumabas, at napasa isang dakong ilang, at doo'y nanalangin." (Mark 1:35).

(Basahin din Mark 6:46, Lucas 6:12, Lucas 5:16, Lucas 9:18, Mateo 6:36-39.)

Minsan ang paglalakbay ay tila mahaba, nag-iisa, at mahirap, ngunit sa pagdarasal, naglakbay ako mula sa pag-aalinlangan patungo sa pananampalataya, laban sa tagumpay, kahinaan sa lakas, sakit sa kalusugan, at takot sa kumpiyansa. Ang lahat ng ito dahil mayroon akong nanay at tatay na hindi lamang puro salita, ipinakita nila ito sa aming tahanan, at tinulungan nila akong magsimula sa aking sariling paglalakbay sa panalangin mula pagkabata.

"Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan." (Proverbs 22:6)

Note: Si Crystal Wallace at ang kanyang asawa na si Kevin ay mga representatibo ng UPCI overseas sa Belgium.

Tahanan sa Lupain ng Kalaban

Ni Wanda Chavis



Mayroon pa akong isang kopya ng mga utos ng militar ni Cortt sa Iraq sa aking dating Bibliya. Ang isang sulyap sa papel na may marka ng luha ay may naalala ako:

- Hindi laging sinasabi ng Diyos na oo.
- Mayroon akong problema sa pagtitiwala.

Mayroon akong PANANAMPALATAYA na tatanggalin ng Diyos ang mga utos na iyon. Pananatilihin niya ang anak ko sa bahay. Natapos ang aking pananampalataya doon. Hindi ako nagtiwala na makakauwi ng ligtas si Cortt kung pupunta sya sa digmaan ng pagsakop sa Iraq. Ngunit, umalis siya.

Maraming araw na hindi ako makapag-dasal. Natatakot ako at nag-aalala. Sa totoo lang, nagalit din ako. Bakit ko kakausapin ang Panginoon ngayon? Hindi niya ako narinig sa nakaraang apat na buwan noong nagdasal at nag-ayuno ako.

Sa wakas, naiiyak ko ang aking galit at humingi ako ng tawad noong pinakita sa akin ng Panginoon ang aking problema sa tiwala. Pinangakuan Niya ako na makakabalik ng ligtas si Cortt; mayroon Siyang plano at hangarin para kay Cortt habng nasa digmaan.

Kakaiba yung aking naging dasal sa sumunod na taon. Puwede ko bang ibahagi ito sa inyo kung mayroon kayong pinagdadasal na nawala ng landas? Ang totoo, ang anak niyo ay nasa digmaan-sa malayong lugar. Siguro nawawala; o nakakulong. Pakiramdam mo isang lugar ito na malayo sa Panginoon. Ngunit, may lugar ba na ganoon? Kung ang Diyos ay nasa lahat ng dako, paano tayo makakalayo sa Kanya?

Pinangakuan ako ng Panginoon na makakabalik ng ligtas si Cortt, kaya ang mga dasal ko ay hindi para sa kanyang pisikal na kaligtasan. Parati kong pinagdadasal ang kanyang mental and moral na kalusugan. Lagi ko itong pinagdadasal at hindi ko din alam bakit. Kaya tinignan ko ang kahulugan ng moral: "kondisyon sa ugali at kaisipan na may kinalaman sa tapang, disiplina, kakayanang sumabak sa pagsubok; kakayanang magpatuloy na maniwala sa sarili at sa iba."

Naalala ko ang sabi sa Mateo 10:28 "At huwag kayong mangatakot sa mga nagsisipatay ng katawan, datapuwa't hindi nangakapatay sa kaluluwa: kundi bagkus ang katakutan ninyo'y yaong makapupukso sa kaluluwa at sa katawan sa impierno." Gusto kong makauwi ng "buo" ang aking anak. Sinuway ko at tinakot ang plano ng kalaban na pagsira sa isip ni Cortt o upang kuwestyunin niya ang kanyang sarili at halaga. Kinalaban ko sa panalangin ang pakiramdam ng depresyon at kalungkutan. Pinagdasal ko na maging matatag siya.

Ipagdasal mo ang mga bagay na ito para sa inyong mga anak na napawaldas. Balutin mo ang kanilang pag-iisip ng banal na dugo ni Hesus. Kagaya ng kuwento ng napawaldas na anak sa Mateo 18, noong napagtanto na niya ang kanyang sarili, naalala niya kung gaano kaganda noong nasa bahay siya ng kanyang ama. Umalis siya ng bahay, nabigo niya ang lahat; ngunit sa kabila

ng lahat, hindi nasira ang kanyang moral. Baguhin mo ang iyong mga dasal. Uuwi din ang anak mo mula sa digmaang ito ng maayos at ligtas..

“Ganito ang [sabi](#) ng [Panginoon](#), Iyong pigilin ang iyong tinig sa pagiyak, at ang iyong [mga mata](#) sa mga [luha](#): sapagka't gagantihin ang iyong mga gawa, [sabi](#) ng [Panginoon](#); at sila'y magsisibalik na mula sa [lupain](#) ng kaaway.” (Jeremiah 31:16)

Note: Si Wanda Chavis at ang kanyang asawa na si Jeff ay nagsisilbi bilang pastor sa United Pentecostal Church of Spring Lake, North Carolina, mula 1981. Si Wanda ay naninilbihan bilang president ng District Ladies Ministries at nagmamay-ari ng Picture of Health & Thermography, LLC.

Sumakop Hanggang Siya ay Dumating

Ni Aimee Staten



Napakadaling mapuno dahil sa napakadaming atake ng kaaway sa panahon ngayon. Sa katunayan, panigurado ito. Kahit saan tayo tumingin, merong karamdaman at kahirapan. Lahat ng tao sa mundo ay nakakaranas ng mas mataas na bilang ng depresyon, pagpapakamatay at sakit sa pag-iisip.

Maaring sapat na ito upang sumuko ang isang matiisin na babaeng Kristiyano. Inaamin ko na minsan naisipan ko na ding sumuko. Ngunit nabasa ko ulit ang Lucas 19:12-13 at napagtanto ko na nakaligtaan ko kung ano ang ibig sabihin ng “sumakop kayo hanggang sa ako’y dumating.”

Noong ang aming pamilya ay sinagot ang tawag sa pagpa-Pastor, akala ko alam ko kung ano ang aasahan. Ngunit napagtanto ko din kaagad na hindi sapat ang nalalaman ko. Ang aking buhay panalangin ay hindi sapat sa mga pagdadaan namin. Ang aking emotional stability ay hindi sapat na harapin ang mga pagsubok na dadating. Napuno ako ng takot at alinlangan.

Ito ang isa sa mga binigay sa akin ng Panginoon noong oras ng aking kahinaan: Tuwing ang isang makapangyarihang nasyon ay nanalo sa digmaan laban sa walang awa na nasyon, simula palang ito ng labanan. Kailangang panirahan ng nasyon na iyon ang teritoryo ng kalaban hanggang sa tuluyan na lumaya ang mga mamamayan. Hindi sapat na lumaban sa digmaan pagkatapos iwanan mo nalang ang lugar, ngunit nandoon ako sa mga panahon na iyon.

Dito sa mga panahong nahihirapan ako na nakita ko ang turo ni Raymond Woodward na Effectual Pervert Prayer. “It was during this personal struggle that I came across Raymond Woodward's lesson on Effectual Fervent Prayer. “Ang walang pag-aalinlangan na pagpapasiya at walang tigil na pagsisikap ay kinakailangan upang mapanatili ang isang walang katiyakan na kapayapaan at ipagtanggol ang isang bagong kalayaan laban sa mga may ideolohiya na mas gusto ang diktadura kaysa demokrasya, at na titigil sa anuman sa kanilang mga pagtatangka na masabotahe ang proseso at baligtarin ang pag-unlad. Maaaring ideklara ang tagumpay, ngunit ang mga sumasakop sa puwersa ay dapat tiyakin na ang tagumpay ay ipinatutupad. ”

Ang kasalukuyang sumasakop ay nakakapagpabago ng anyo ng isang nasyon. Maaring sinadya o hindi, ang mga nasakop ay unti-unting nakiki-ugali sa kultura at ugali ng mga sumakop sa kanila.

Noong tinawag ka ng Panginoon, hindi Siya nagkamali. Tinawag ka Niya- kasama ang iyong abilidad, personalidad at oo, pati na din ang iyong mga kahinaan. Tinawag ka Niya na sumakop hanggang Siya ay dumating.

Hindi ko alam sa inyo, ngunit mas lalong tumibay ang aking pananampalataya- kahit habang ang ating mundo ay naghihirap ngayon- dahil napagtanto ko na makapangyarihan ang aking Panginoon... at katabi ko Siya. Kakampi ko!

Siguro panahon na huwag nating tignan ang ating mga sarili na inaatake tayo ng kaaway at baliktarin natin ang ating pananaw. Ihanda mo ang sarili mo. Hayaan mo na maging liwanag at magkaroon ng kumpyansa na ang Hari ay kakampi mo.

Sumakop – huwag lang basta gumawa- maging malakas na puwersa sa ilalim ng malakas na kamay ng Diyos. Sumakop at baguhin ang kultura ng inyong lugar sa kapangyarihan ng pananalangin at ikalat ang langis ng Banal na Espiritu kahit saan ka magpunta.

Note: Si Aimee Staten ay ikinasal kay David Staten, at sila, sa tulong ng kanilang may edad na anak na si Aubrey, pastor sa Globe, Arizona. Si Aimee ay isang dating mamamahayag at kasalukuyang isang tagapamahala ng pamigay ng lalawigan at kalihim para sa Arizona Ladies Ministries. Interesado siya sa mga makasaysayang bahay, dekorasyon, mahabang paglalakad kasama ang kanyang asawa, at matitipid na pamimili.

Mula sa Editor

Ang Diyos ay gumagawa ng mga makapangyarihang bagay!



Ang Diyos ay nagbubukas ng maraming pinto para ang newsletter na ito ay mababasa na ngayon sa English, Arabic, Chinese, Czech/Slovak, Dutch, Fijian, French, Georgian, German, Greek, Hungarian, Italian, Japanese, Polish, Portuguese, Spanish, Swahili, Swedish, Tagalog and Thai

Tulongan niyo kaming manalangin ng mga tagasalang!

Kung nais mong makatanggap ng alinman sa mga salin sa itaas mangyaring ipaalam ang interes sa LadiesPrayerInternational@aol.com at kami ay nalulugod na idagdag ka sa aming mailing list!

[Bisitahin ang Ladies Prayer International sa Facebook at i-"like" ang aming page!](#)



Mahal na Prayer Team Leader, Bumisita sa Ladies Prayer International sa Facebook at i-“like” ang aming page!

o mag-email ng request sa: LadiesPrayerInternational@aol.com

Pakibahagi ang impormasyon na to sa inyong simbahan, mga kaibigan at pamilya. Maraming salamat sa pagiging parte ninyo sa prayer ministry at sa pagtulong sa amin na ibalita ang tungkol sa LIBRENG newsletter at Facebook page.



Kung sino tayo . . . Mula noong 1999: Ladies Prayer Intl. ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo, na nagkikita sa unang Lunes ng bawat buwan upang magkaisa sa pokus na panalangin para sa kanilang mga anak at mga anak ng lokal na simbahan at komunidad.

Ang aming Misyon. . . Kami ay nakatuon sa espirituwal na pangangalaga ng henerasyong ito at higit pa at ang espirituwal na pagpapanumbalik ng mga nakaraang henerasyon.

Ang Ating Pangangailangan. . . Nakatuon ang mga kababaihan na magkakasama sa unang Lunes ng bawat buwan at manalangin na nakatutok sa panalangin para sa kanilang mga anak.

Tatlong Prayoridad ng Panalangin ...

- Ang kaligtasan ng ating mga anak (Isaias 49:25; Mga Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
- Na kanilang pagmamayrian ang kanilang pananampalataya pagdating ng tamang edad (1 Juan 2:25-28; James 1:25).
- Na pasukin nila ang minsteryo ng ani para sa Panginoon (Mateo 9:38).